Center for Prevention Programs and Partnerships

# Pagtasa at Pamamahala ng Banta ng Asal (Behavioral Threat Assessment and Management, BTAM)

**2024 |** Department of Homeland Security, Center for Prevention Programs and Partnerships

## Pangkalahatang-tanaw

Ang Behavioral threat assessment and management (BTAM) ay isang batay-sa-ebidensiya at sistematikong proseso upang **tumukoy, magtanong, magtasa,** at **mamahala** ng mga posibleng banta. Ang **maraming disiplina** na mga pangkat, kabilang ang mga tagapagkaloob ng pagpigil mula[1] sa edukasyon, kalusugan ng isip, mga serbisyong panlipunan, nagpapatupad ng batas, mga komunidad ng pananampalataya, at ibang institusyon sa komunidad, ay makakagamit ng isang proseso ng pagtasa at pamamahala ng banta ng asal upang magkaloob ng mga intervention sa hustisyang pangkrimen na maaaring nanganganib na sumulong sa karahasan. Ang mga pangkat ng BTAM ay maaaring ipatupad sa mga paaralan, lugar ng trabaho, at komunidad.

**Ang pagpapatupad ng isang epektibong pangkat ng BTAM ay may kasamang patuloy na proseso ng:**

- **Pagtukoy** ng nakakabahalang asal ng mga tao at mga pagbabago sa mga asal na ito;
- **Pagtatanong** sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang proseso ng pag-iimbistiga upang bigyan ng kaalaman ang pagtasa;
- **Pagtasa** ng asal ng mga indibidwal upang alamin ang antas ng alalahanin; at
- **Pagpapatupad** at **pamamahala** ng mga istratehiya sa intervention para sa mga indibidwal na iuukol para sa mga serbisyong sumusuporta sa pamamahala ng kaso bago sila gumawa ng karahasan.

Kung ang isang indibidwal ay nagpapakita ng mga tagabatid na asal na kaugnay ng landas patungo sa karasahan, ang mga pangkat ng BTAM ay magtatasa ng iba't ibang **mga factor ng panganib** na maaaring magtaas ng kalamangan ng karahasan gayon din ng **nagpoprotektang mga factor** na maaaring magbawas ng panganib ng karahasan. Ang nagpoprotektang mga factor ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagbuo ng isang ibinabagay sa tao na istretehiya ng pamamahala. Ang mga factor ay lumilitaw sa mga antas ng lipunan o kapaligiran, katayuan, at indibidwal.[2]

| Lipunan/Kapaligiran | Katayuan | Indibidwal |
|---|---|---|
| • Mga Pamantayan at Pinahahalagahan<br>• Pagsasama at Pakikiisang Panlipunan<br>• Impluwensiya ng Media at Impor-masyon | • Mga Impluwensiyang Pang-kapaligiran<br>• Mga Nagaganap at Tensiyon sa Buhay | • Kalusugan ng Isip at Lagay ng Kaisipan<br>• Mga Katangian at Asal ng Personalidad<br>• Kasaysayan ng Karahasan o Agresyon<br>• Mga Relasyong Panlipunan |

## Bakit BTAM?l

Ang BTAM ay isang napakahalagang inisyatibo ng pagpigil na nagpapahusay ng tradisyunal na mga hakbang para sa kaligtasan at seguridad na tulad na pisikal na seguridad, pamamahala ng emerhensiya, at seguridad ng mga tauhan. Bilang karagdagan sa pamamagitan upang pigilan ang posibleng nakaasintang karahasan, ang maga pangkat ng BTAM ay maaari ring magpalakas ng paglaban sa nakaasintang karahasan sa:

- Pagtulong na ikonekta ang mga inaalalang mga tao sa mga serbisyong sumusuporta sa pamamagitan ng referral;
- Pagpapahusay ng mga klima ng kaligtasan sa mga paaralan at trabaho;[1] at
- Pagbawas ng naghihiwalay na disiplina sa mga paaralan at pagtataguyod ng positibong mga resultang pang-edukasyon.[2]

[1] Ang isang tagapagkaloob ng pagpigil ay isang sanay at maraming kaalaman na propesyonal na (1)tuwiran o hindi tuwirang pumipigil sa karahasan sa pamamagitan ng pagtulong sa mga tao na bumuo ng kaalaman, mga pagtingin, at kasanayan na kailangan nila upang magkamit ng ligtas, positibo, malulusog na resulta; at/o (2) nagtatatag ng nagpoprotektang mga factor para sa pagbawas ng panganib sa loob ng komunidad; at/o (3)nagkakaloob ng mga serbisyo para sa mga indibidwal, gaya ng kailangan, upang pigilan ang karahasan; at/o (4) naglilingkod bilang tagagawa ng patakaran na pumipigil sa karahasan o tagapamahala ng programa.

[2] Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [Enhancing Behavioral Threat Assessment and Case Management Capabili-ties Through a Public Health-Informed Approach: CP3 Prevention Resource.]

## Anu-ano ang mga Pinakamahusay na Gawain?

- Tiyakin na ang pangkat ay sumasalamin sa isang **maraming disiplinang** karanasan, kabilang ang mga miyembro mula sa iba't-ibang propesyonal na pinagdaanan.
- Bumuo ng **nakaasintang mga kasangkapan at pagsasanay sa pagpigil ng karahasan at terorismo** sa nakatatag nang mga pangkat ng BTAM.
- Gumamit ng **pinatibayang mga kasangkapan sa pagtasa ng banta** at **batay-sa-ebidensiya na mga modelo**.
- Tiyakin ang regular na **pagtaya** ng nabubuong metrics upang tasahin ang pagiging epektibo ng proseso ng pagtasa ng banta at pamamahala ng kaso.
- Magsanay sa mga paksang tulad ng **tungkuling magbigay ng babala, tungkuling magprotekta, HIPAA, at FERPA**, at tiyakin na ang mga aktibidad sa pagtasa ng banta ay sumusunod sa legal, etikal, at propesyonal na mga pamantayan.
- **Bigyan ng prayoridad ng BTAM sa mga istratehiya ng estado** upang pigilan ang nakaasintang karahasan at terorismo at tiyakin na ang aktibidad ay lubos na nakapaloob sa mga kakayahan ng estado tulad ng mga serbisyo sa kaisipan, asal, at ibang suporta.

## BTAM sa Practice:

Ang isang subset ng mga proyekto ng Targeted Violence and Terrorism Prevention (TVTP) Grant Program ay nagtatrabaho nang tuwiran sa mga indibidwal na nagpapakita ng mga tanda ng asal na kaugnay ng landas patungo sa karahanan. Sa mga uri ng proyekto sa pamamahala ng kaso, ang ginawarang mga proyekto ng TVTP ay nagbukas ng 1,172 kaso mula sa Taon ng Pananalapi 2020 hanggang Taon ng Pananalapi 2023. Sa 1,172 kaso, ang mga ginawaran ng TVTP ay gumawa ng 881 na referral sa panlabas na mga tagatulong, kabilang ang 476 na referral sa pagpapayo sa kaisipan/asal, 141 sa mga serbisyong panlipunan, 59 sa tulong sa pabahay, 48 sa pagsasanay para sa trabaho/pagbuo ng kasanayan at 7 sa pagpapayong nakabase sa pananampalataya. Tanging 77 kaso (6.5%) ang nagresulta sa isang referral sa tagapagpatupad ng batas para sa isang posibleng imbestigasyon sa krimen.

Kinikilala ng CP3 na ang pangkat ng BTAM ay tinatawag upang magtasa ng mga referral para sa mga kasong nangangailangan ng isang masalimuot na set ng mga intervention mula sa maraming tagapagkaloob ng serbisyo, kung minsan ay nangangailangan ng koordinasyon sa buong magkakaibang tagatulong sa komunidad.

*Halimbawa 1: Kasong may kinalaman sa pangmatagalang problema sa asal*

| Problema | Aksyon | Resulta |
|---|---|---|
| Ang isang tao na may kasaysayan ng karahasan sa lugar ng trabaho at seryosong sakit sa isip ay nagbanta ng pagbaril sa isang lugar ng hindi matinding pangangalaga.<br><br>Dahil sa kasaysayan ng indibidwal at sa kalubhaan ng banta, ang kalagayan ay nangailangan agad na intervention, partikular mula sa isang pananaw na naglulunas, upang pigilan ang higit na pagtaas. | Ang pangkat ng BTAM ay nagtrabaho nang malapit sa tagapagpatupad ng batas, mga serbisyo sa kalusugan ng isip, at opisina ng abogado ng distrito upang tugunan ang nakabinbing mga kaso at gamitin ang mga ito sa ipinag-utos ng korte na paggamot sa kalusugan ng isip.<br><br>Ang naglulunas na intervention ay ang pangunahing pokus, sa pangkat na nag-aayos ng mga talakayan sa pagitan ng pampublikong tagadepensa ng tao ng interes at ng mga awtoridad upang magkasundo sa isang resolusyon na nakapokus sa paggamot.<br><br>Ang pangkat ng pagtasa ng banta at pangkat ng suporta sa komunidad ay magkasamang sinanay at may parehong pananalita at pilosopiya sa BTAM, na tumulong itugma ang kanilang paraan ng pagtugon sa isyu. | Ang kaso ay matagumpay na naresolba sa isang ipinag-utos ng korte na plano sa paggamot sa kalusugan ng isip, naiwasan ang isang mas nagpaparusang resultang pambatas.<br><br>Ang pagtutulungan sa pagitan ng mga pangkat ay nagbigay ng kakayahan sa isang paraang may kaalaman sa pampublikong kalusugan upang pigilan ang isang nakaasintang karahasan at epektibong tugunan ang napapailalim na mga alalahanin sa kalusugan ng isip.<br><br>Itong proaktibo, naglulunas na intervention ay malamang na nakapigil sa isang marahas na insidente habang tinitiyak ang patuloy na pagsubaybay at pangangalaga para sa indibidwal. |

Ang ilang programa ay gumamit ng suporta ng gawad upang magkaloob ng mga kasangkapan, pagsasanay, at gabay sa mga kaso na nangangailangan ng masalimuot na mga intervention na may kaugnayan sa sistema ng batas.

*Halimbawa 2: Kasong may kinalaman sa banta sa mga manggagawa ng pangngalagang pangkalusugan*

| Problema | Aksyon | Resulta |
|---|---|---|
| Ang isang miyembro ng pamilya ng isang malubha ang sakit na pasyente ay nagpakita ng magugulong asal at nagbantang papatayin ang isang tauhan ng ospital.<br><br>Ang indibidwal ay kinasuhan ng isang felony, at ang pangkat ng BTAM ng ospital ay nakatukoy ng maraming factor ng panganib na nagpapakita ng patuloy na banta sa tauhan ng pangangalagang pangkalusugan.<br><br>Ang agad na aksyon ay kailangan upang tugunan ang kaligtasan ng mga tauhan at pasyente habang pinamamahalaan ang kalagayan sa paraang naglulunas. | Ang pangkat ng BTAM ng ospital ay nakipagtulungan sa isang pangkat sa banta/suporta ng komunidad na kinabibilangan ng mga propesyonal sa kalusugan ng isip, tagapagpatupad ng batas, at ng opisina ng abogado ng estado.<br><br>Nagpokus sila sa naglulunas na mga resulta na may mga antas ng pangangasiwa upang bawasan ang panganib o karahasan. Ang pangkat ng BTAM ng ospital ay gumanap rin ng mahalagang papel sa pagsasanay sa pangkat ng komunidad, lumikha ng isang karaniwang pag-unawa sa mga proseso ng BTAM, at nagtaguyod ng tiwala.<br><br>Sa sumunod na buwan, nagkaroon ng makinis, ayon sa batas na pagbahagi ng impormasyon sa lahat ng stakeholder, tiniyak na ang pareho ng legal at pisikal na mga hakbang para sa kaligtasan ay angkop na nabigyan ng kaalaman. | Ang kaso ay naresolba sa isang guilty plea sa isang misdemeanor, naiwasan ang sobrang nagpaparusang hatol na felony.<br><br>Ipinag-utos ng korte ang pinangangasiwaang paggamot sa kalusugan ng isip, tinutugunan ang napapailalim na krisis sa kalusugan ng asal.<br><br>Ang resulta ay nagkaloob ng pananagutan para sa indibidwal habang nagdaragdag ng pangangasiwa at pagpapagaan ng panganib ng karahasan sa hinaharap.<br><br>Ang pagtutulungang ito ay tumulong na balansehin ang mga pisikal na intervention na pangkaligtasan at kaligtasan ng isip para sa mga tauhan ng pangangalagang pangkalusugan. |

*Ang CP3 ay nagbibigay ng prayoridad sa privacy, mga karapatang sibil, at mga kalayaang sibil na kaayon ng mga awtoridad na pambatas at patakaran ng DHS. Ang CP3 ay nagtatrabaho upang tiyakin na ang mga programa nito ay kinabibilangan ng pundamental na ayon sa saligang-batas at legal na mga proteksyon. Ang CP3 ay hindi gumagawa ng malawak na pagkolekta ng mga datos o mga aktibidad na pagpapatupad na tulad ng mga imbestigasyon o paglikom ng intelihensiya. Ang CP3 ay hindi gumagawa ng censorship o humihimok o nagpapadali ng anumang censorship. Ang censorship ng pamahalaan sa mga pananaw ay hindi lamang humahadlang sa mga karapatan ayon sa konstitusyon ng isang indibidwal, kundi isa ring hindi epektibong taktika upang pigilan ang nakaasintang karahasan at terorismo.*

## Para sa Karagdagng Impormasyon:

Ang Department of Homeland Security Center for Prevention Program and Partnerships (CP3) ay nagkakaloob ng mga tagatulong upang pigilan at pagaanin ang mga nakaasintang karahasan at terorismo.

**Ang Panrehiyong mga Tagapag-ugnay ng Pagpigil** ay sumusuporta sa mga pagsisikap sa pagpigil ng nakaasintang karahasan at terorismo sa pang-estado at lokal na antas. Sila ay nagbabahagi ng impormasyon, nagkakaloob ng pagsasanay, at tumutulong na magtayo ng mga network para sa mga partner sa komunidad na makakalahok sa pagpigil. Upang makakuha ng karagdagang kaalaman, bisitahin ang Regional Prevention Coordinators | Homeland Security (dhs.gov). Upang kumonekta sa isang CP3 Regional Prevention Coordinator, mag-email sa cp3field@hq.dhs.gov.

Ang **Programang Gawad sa Pagpigil ng Nakaasintang Karahasan at Terorismo** ay nagkakaloob ng pagpopondo para sa pang-estado, lokal, pantribo, at panteritoryo na mga pamahalaan, di-nagtutubo, at institusyon ng mas mataas na edukasyon upang magtatag o magpahusay ng mga kakayahan upang pigilan ang nakaasintang karahasan at terorismo. Kumuha ng karagdagang kaalaman at mag-aplay sa www.dhs.gov/tvtpgrants, o kontakin ang pangkat ng mga gawad sa terrorismprevention@hq.dhs.gov.

Ang **Prevention Resource Finder** ay nagkakaloob ng pampublikong impormasyon tungkol sa mga pederal na tagatulong upang tumulong maghanda sa at pigilan ang nakaasintang karahasan at terorismo sa lahat ng dako ng ating bansa. Ang mga tagatulong na nasa website ay kinabibilangan ng tagatulong na suporta sa komunidad, mga oportunidad sa gawad na pagpopondo, mga plataporma sa pagbahagi ng impormasyon, batay-sa-ebidensiya na pananaliksik, at mga oportunidad sa pagsasanay upang bawasan ang panganib ng nakaaasintang karahasan, kabilang ang nakabase sa pagkamuhi na nakaasintang karahasan. Matuto pa sa Prevention Resource Finder | Homeland Security (dhs.gov).

## Mga Karagdagang Tagatulong

Maraming pederal na ahensiya na nagkakaloob ng mga tagatulong sa mga pangkat ng pagtasa at pamamahala ng banta ng asal. Nasa ibaba ang ilan sa mga toolkit at mga materyal na pang-edukasyon na maaaring makatulong na magkaloob ng mga halimbawa at gabay para sa pagbuo ng mga naturang pangkat sa inyong mga komunidad. Habang marami ay inihahanda para sa mga paaralan, ang mga ito ay maaaring gamitin para sa ibang mga organisasyon.

| Tagatulong | Paglalarawan |
|---|---|
| Mula sa CP3 na “Pagpapahusay ng mga Kakayahan sa Pagtasa ng Banta ng Asal at Pamamahala ng Kaso sa Pamamagitan ng Pagharap na May Kaalaman sa Pampublikong Kalusugan: Tagatulong sa Pagpigil ng CP3.” | Sa pamamagitan ng pederal na gawad na pagpopondo at tulong na teknikal, ang Center for Prevention Programs and Partnerships (CP3) ay sumuporta sa pagbuo ng dose-dosenang pangkat ng pagtasa at pamamahala ng banta ng asal sa mga komunidad sa lahat ng dako ng United States. Batay sa gawaing ito at pakikipagtulungan sa mga eksperto, mananaliksik, at practitioner, ang Tagatulong sa Pagpigil na ito ay bumabalangkas kung paano na ang pagtasa ng banta at mga modelo ng pamamahala ng kaso ay maaaring makinabang sa pamamagitan ng paggamit ng pagharap na may kaalaman sa kalusugan sa pagpigil sa nakaasintang karahasan at terorismo. Pagpapahusay sa Pagtasa ng Banta ng Asal at mga Kakayahan sa Pamamahala ng Kaso \| Homeland Security (dhs.gov) |
| The National Threat Assessment Center (NTAC) | Ang National Threat Assessment Center (NTAC) ay nagkakaloob ng pananaliksik at gabay sa pagpigil na nakaasintang karahasan, pagtaya ng banta, at pamamahala ng panganib. Kabilang sa pananaliksik ang “Pagpapahusay ng Kaligtasan ng Paaralan Gamiit ang isang Modelo ng Pagtasa ng Bantaa,” isang gabay sa pagpapatakbo para sa pagpigil sa nakaasintang karahasan; “Pagpapahusay ng Kaligtasan ng Paaraalan sa Pamamagitan ng Pag-uulat ng Bystander,” isang toolkit para sa pagpapalakas ng mga programa sa pag-uulat sa K-12; at “Mga Yunit ng Pagtasa ng Banta ng Asal: Isang Gabay para sa Pang-estado at Lokal na Tagapagpatupad ng Batas upang Pigilan ang Nakaasintang Karahasan,” isang gabay na nag-aalay ng scalable framework para sa pang-estado at lokal na mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas upang proaktibong tukuyin at hadlangan ang mga nagpapakita ng nagbabanta o nakakabahalang mga asal sa kanlang mga komunidad. |

| Tagatulong | Paglalarawan |
|---|---|
| Mula sa FBI na "Paggawa sa Pagpigil na isang Realidad: Pagtukoy, Pagtasa, at Pamamahala ng Banta ng mga Nakaasintang Atake" | Ang ulat na ito, isang praktikal na gabay sa pagtasa at pamamahala ng banta ng nakaasintang karahasan, ay nagtataglay na mga kongkretong istratehiya upang tulungan ang mga komunidad na pigilan ang mga ganitong uri ng insidente. Ang ulat ay bumabalangkas sa mga pinakamahusay na gawain, mga pag-aaral ng kaso, at mga kasangkapan para sa mga propesyonal sa pagtaya ng banta, nagbibigay-diin sa kahalagahan ng maagang intervention. Paggawa sa Pagpigil na isang Realidad : Pagtukoy, Pagtasa, at Pamamahala ng Banta ng mga Nakaasintang Atake |
| The Joint Counterterrorism Assessment Team (JCAT)'s "First Responder's Toolbox: Threat Assessment and Management (TATM)" | Ang tagatulong na ito, ginawa ng JCAT, ay isang pangkalahatang-tanaw sa pagtasa ng banta at modelo ng pamamahala ng banta (TATM) at ang pag-aplay nito sa pagpigil ng nakaasintang karahasan na bumubuo ng terorismo. Ang tagatulong ay idinisenyo para sa mga propesyonal sa pampublikong kaligtasan at bumabalangkas sa mga pangunahing elemento ng modelong TATM at mga pangkat ng maraming disiplina, gayon din ng ilang karagdagang tagatulong para sa pagsasanay. https://www.dni.gov/files/NCTC/documents/jcat/firstresponderstoolbox/147s-Threat_Assessment_Threat_Managment.pdf |
| The National Threat Evaluation and Reporting Office (NTER)'s Trainings and Resources | Ang NTER ay nagkakaloob ng ilang tagatulong na pang-edukasyon upang sanayin ang mga stakeholder sa komunidad sa mga paraan ng BTAM at mga pinakamahusay na gawain. Kabilang dito ang Master Training Program, na naghahanda ng partner sa pederal, pang-esado, lokal, pantribo, at panteritoryo (F/SLTT) na mga antas upang bumuo ng mga proseso at kakayahan ng BTAM. Ang NTER ay nag-aalok din ng Foundations of Targeted Violence Prevention eLearning course, na nagtuturo sa publiko ng pagkilala at pag-uulat ng mga nakakabahalang asal. |

[1] Nekvasil, E. & Cornell, D.G. (2015). Student Threat Assessment Associated With Safety in Middle Schools. Journal of Threat Assessment and Management. (2). (113). 10.1037/tam0000038.

[2] Ang pananaliksik ay nagpapabatid na ang naghihiwalay na disiplina at zero tolerance na mga patakaran ay maaaring iugnay sa mga negatibong resulta para sa pagpapaunlad na pang-edukasyon ng mga estudyante, kabilang ang kulang na pagganap at pagiging delinkwente. See Kern, L. (2024). Mga Pamamaril sa Paaralan: Kasalukuyang Katayuan at mga Rekomendasyon para sa Pananaliksik at Paggawa. Mga sakit na Pang-asal, 49(2), 116-127. https://doi.org/10.1177/01987429231214801